

1

Panay ang paglagay ni Monica ng suntan lotion habang nagbabasa ang kaibigang si Lulu ng fashion magazine. Nasa rooftop sila ng kanilang apartment at matiyagang nagbababad sa araw. Malapit ang apartment na iyon sa *Harvard Business School* kung saan sila nag-aaral. Pareho silang Filipina ni Lulu. Freshmen pa lamang sa university ay magkakilala na sila.

Galing din sa *buena familia* si Lulu at madali silang nagkagaan ng loob kaya nang sumunod na term ay nagdesisyon silang magsama na lang sa isang apartment. Business Management ang major nila.

“Alam mo ba, Sis, n’ung umuwi ako sa Manila last summer, may nakilala akong hunk. As in a Greek god! My gosh, pipikutin ko na sana kaya lang deadma ang beauty ko.”

Sanay na siya sa pagkakikay nito. Napangiti pa siya sa expression ng mukha nito.

“Na-in love ka na naman? Hay naku, ikaw talaga, wala kang kadala-dala.” Ilang lalaki na rin kasi ang nagpaiyak dito. Ang hirap kay Lulu, all the way ito

kapag nagmahal na halos doon na tumira ang dalaga sa bahay ng boylet nito. At kapag may boyfriend ito, parang wala siyang kasama sa bahay.

“Ano’ng magagawa ko, sobrang guwapo niya kaya agad na naakit ako sa kanya. Ang ganda pa ng katawan at saka take note, multibillionaire,” nakangiting sabi nito sa kanya.

“And he either happens to be married or isang walang puso na magpapaluha lang sa ’yo,” balik niya.

Agad itong tumayo at nakapamaywang pa na humarap sa kanya.

“Alam mo, ikaw, you’re so cynical, man hater ka ba?” tanong nito.

“Hindi naman. It’s just that I think you’re practically offering them the opportunity to break your heart. Ako, I’ll give it a second thought before giving any man the chance to do that.”

“Naks, make way guys, here’s one girl you’ll never break,” nanlolokong hiyaw nito. “Hay naku, seriously, Sis, I never regretted getting into those relationships. Natuto ako kahit paano at saka sabi nga nila it’s better to have loved and lost than never to have loved at all,” nakangiti pa ring saad nito.

Dito siya bilib sa kaibigan, pagkatapos nitong umiyak, tapos na. At nagpapasalamat siya na kahit araw at gabi ang kaibahan nila ay iginagalang nito ang mga prinsipyo niya. Kahit kailan ay hindi ito nagmilagro sa kanilang apartment.

“Oo na, basta ako ‘love once and always,’” natatawang sabi niya. Sinaluduhan siya nito.

“Sabihin mo lang kapag may nagpaiyak sa ‘yo, pauupakan ko sa mga naging ex ko.”

Na-touch siya sa sinabi ng kaibigan. Iyon pa ang isang gift ni Lulu. In very good terms ang dalaga sa mga ex nito.

“Let’s go back to the Greek god, alam mo ba, now that I think of it... mas bagay kayo,” nakalabing sabi nito.

Napahalakhak siya. “O, bakit bigla mong ipinasa sa akin?”

“Kasi,” umayos ito ng upo bago ganadong ipinagpatuloy ang pagkukuwento, “that one’s a keeper.” Keeper ang tawag nito sa mga one-woman men. “Palagay ko nasa late twenties to early thirties na siya, single, walang girlfriend and he runs a really big business, balita ko nga may branch ‘yun dito, eh,” dagdag pa nito.

“Uso pa ba ngayon ang mga ganyan? Kung hindi ’yan bading, siguradong nasa loob ang kulo niyan. Wala nang perfect ngayon,” nakaismid na iling niya.

“Teka, why are you putting all that lotion ba? I like your skin nga, eh, tapos you’re making it tan. Girl, hindi ka naman kaputian. You’re like yellow, white and red all mixed up.” Alam niyang papuri iyon kahit nakakainsulto ang tono.

May pagkamorena si Lulu, iyong tipong immune yata sa kahit na anong whitening products. Kahit daw ano ang gamitin nitong pampaputi ay hindi umuubra. Madalas, napapagkamalan itong mulatto.

“Ayaw mo n’un, pareho na tayo ng kulay?” aniya.

“Hay naku, you want my color, I want yours, it’s so unfair.” Itinirik pa nito ang mga mata nang sabihin iyon. “You possess all the things I want. A body to die for, a face that could launch a thousand ships, and the brains to go with the looks.”

“Ano pa ba’ng hinahangad mo? You’re more than pretty.”

“The word is pretty,” nakangusong sagot nito. “Whereas you—you are beautiful. Gorgeous. Sublime.”

“Knock it off, Lulu. Nagkakaganyan ka lang dahil wala kang boyfriend!” Nailing na inihagis niya ang lotion sa kanyang paanan.

“I missed you, Girl,” narinig niyang sabi nito. Di niya namalayang nakalapit na ang kaibigan. Niyakap siya nito.

“I missed you, too,” nakangiting sagot niya.

“I’m glad that I’m single again. And you know what, kaya siguro hindi rin ako masyadong devastated kapag nagkakahiwaly kami ng mga boylets is because I know I’ve got you. Kung wala ka siguro, eh, matagal na akong nasa asylum,” nakangiting sabi nito. Bigla itong tumayo pagkatapos. “I’m going to prepare us some snacks.” Sinundan niya ito ng tingin habang palabas sa pinto papunta sa floor nila.

Mas matangkad siya kay Lulu, five four ito samantalang five seven ang height niya. Tubong Quezon ito, nag-iisang anak ng pinakamayamang pamilya roon. Si Monica ay may nakakatandang kapatid na lalaki na nagpapalakad ngayon ng kabuhayan nila kasama ng pamilya nito at ng kanyang mga magulang. Taga-Iloilo sila, may kaya rin pero hindi kasing-yaman ni Lulu. Fully-financed ito ng pamilya samantalang she was on a scholarship grant. Not that her father could not afford to pay for

her education. *May ibang dahilan.*

Ipinagkasundo siya ng ama kay Jude Lorenzo. Ni hindi niya ito kilala. Iniisip niya noon na baka mas matanda pa ito sa tatay niya. She was barely eighteen at gusto ng ama na ipakasal siya sa lalaki. She decided to run away. By the time na nadiskubre ng pamilya na nakapasa siya sa *Harvard*, nakalipad na siya papuntang Boston. Galit na galit ang ama niya noon pero paglaon ay napatawad na rin siya nito. Tiniis niyang huwag umuwi ng Pilipinas sa nakalipas na limang taon. Ayaw na rin niyang malaman kung tuloy pa rin ang kasunduan ng ama niya at ng Jude Lorenzo na iyon.

“Graduating na si Monica, hindi ba?” tanong ni Jude sa may-edad nang lalaki sa harapan niya. Don Natalio Ignacio looked at him with puzzlement in his eyes.

“After all these years, ang bunso ko pa rin ba ang gusto mo?” nakangiting tanong nito.

“She’s everything that I’ve ever wanted, Nat, and you know that.” Tumayo siya at tumalikod sa matandang don.

“Matigas ang ulo ni Nica, Jude, hindi ko siya

kayang pasunurin.” Lumagok ito sa alak na nasa kopita nito.

“Binigla natin siya noon. She was young, she wanted to reach her dreams and we were taking away her freedom.”

“So what do you intend to do?”

“Leave it to me, pauwiin mo siya sa kahit anong paraan pagkatapos ng graduation niya at ako na ang bahala,” instruksyon niya sa matanda. “By the way, I might visit Boston,” pagpapaalam niya. Napatangotango ito.

“Then I’m leaving everything to you. Baka pag pinauwi ko siya ay lalo niyang piliing magtagal doon. Nica is bull headed, she does what she wants to do, and she’s got a mind of her own. I wish Michael had her spirit,” tukoy nito sa panganay na anak. Napabuntong-hininga ang matanda. “If you could tame that girl, you have my blessing.” Isinalpak nito ang sombrero sa ulo at saka umalis matapos siyang bigyan ng tapik sa balikat.

“I’m going to tame her if it breaks my neck,” bulong niya sa hangin.

Una niyang nakita si Monica noong nag-aaral pa ito sa highschool. Kaga-graduate lang niya sa college.

Nagbabakasyon siya noon sa Iloilo at inaasikao ang negosyo ng pamilya. Nang makita niya ito sa opisina ni Natalio Ignacio na kumpare ng daddy niya ay para siyang tinaman ng kidlat.

She was sixteen, a good five feet and six inches of princess-like beauty. Naka-school uniform pa ang dalagitang pasalampak na naupo sa couch sa opisina ng ama, seemingly oblivious of his presence and his unblinking stare.

Maganda ang mga mata nito na halatang namana sa half-Spanish nitong ina, matangos ang ilong, makipot ang mga labi at kaakit-akit ang bilugang mukha. Mahaba ang wavy nitong buhok na medyo light brown ang kulay. Sigurado siyang hazel ang mga mata nito kahit mula sa malayo. And at sixteen, she possessed the curves in all the right places, but what he liked most was her flawless complexion.

“Hi, Papa, dito muna ako, ha?” nakangiting sabi nito, saka dumampot ng isang magazine. Even her voice was mesmerizing. He did not fail to notice the stubborn tilt of her chin.

“Bakit dumaan ka pa, Hija? I have a business to run here, you know,” kunot-noong sita ng don sa bunsong anak bagaman walang puwersa sa tono nito. Abala ang lalaki sa pagpirma sa mga dokumentong

dala ng sekretarya nito.

“I promise you won’t even notice I’m here,” nakangiting tugon ng dalagita saka itinuon ang atensyon sa binabasa.

She’s wrong, naisip ni Jude. Hindi niya maalis ang pagkakatatig dito. Nang mag-angat ito ng tingin ay saglit na nagsalubong ang mga mata nila subalit kumunot lamang ang noo nito. Bumaling ito sa ama.

“Pa, uwi na ako, nag-text si Mama,” paalam nito.

“Sinasabi ko na nga sa iyo kanina pa,” sagot ng ama na hindi inaalis ang tingin sa mga papeles na binabasa. Mabilis na hinalikan ni Monica ang pisngi na ama at dere-derechong lumabas ng opisina nito.

Ni hindi man lang siya tinapunan ng tingin ng dalagita. For someone who could charm women without trying, it was a blow to his ego.

“Anak mo, Tito?” pasimpleng tanong niya na lumapit sa mesa ng matanda.

“Ah, oo, pasensya na at nakalimutan kong ipakilala kayo. Iyon ang bunso kong si Monica, Nica ang tawag sa kanya ng asawa ko. Napakatigas ng ulo,” naiiling na sabi ng matandang don. Itinabi nito ang ilang papeles at tumingala sa kanya.

“Mukha naman siyang mabait,” ani Jude.

“Akala mo lang iyon, inuubos talaga ng batang iyan ang pasensya ko. Ginagawa niya kung ano ang gusto niya. Hindi nakikinig sa akin o sa mama niya. Wala akong mairereklamo sa ibang bagay, matalino ang anak kong iyan, scholar simula nang pumasok,” pagsusumbong nito na may kahalong pagmamalaki.

“Ang panganay n’yo po?” Naupo siya malapit sa mesa nito.

“Yun ang mas malaking problema. Kasing-edad mo na ang panganay ko pero hanggang ngayon ay hindi pa nakakatapos ng kolehiyo. Kung si Nica ay matibay ang mga desisyon at walang makakabali, ang isang iyon naman hindi makapagdesisyon sa sarili niya. Nag-aalala tuloy akong iwanan sa kanya ang mga responsibilidad sa negosyo.” Tumayo ito at humarap sa bintana.

“Masuwerte pa rin po kayo at mayroon kayong mga anak, ang ama ko ay ako lang ang inaasahan,” palubag-loob niya.

“Ang ama mo naman ay walang problema sa ’yo. Matalino ka, magalang, responsible at magandang lalaki. Ano pa ba ang mahihiling niya?” nakangiting baling nito.

“Pero sinabi n’yo rin na matalino ang inyong anak na babae, hindi mababali ang pasya, she could help her brother,” aniya. Bigla ang pagseseryoso ng ekspresyon ng don.

“You’re right. I mean, wala na siguro akong magagawa kay Michael pero Nica is another case. Kailangan ko ng isang magaling na lalaki para sa kanya, ’yung kaya siyang pasunurin at ’yung mabibigyan siya ng magandang buhay.” Muli itong humarap sa bintana.

Nalito siya sa tinutumbok nito. Nag-angat siya ng tingin nang muli itong magsalita bagaman nakatalikod sa kanya.

“Hindi mo kasi naitatanong, kay Michael ko talaga maiiwan ang aking mga ari-arian. Kaunti lang ang mapupunta kay Nica. Kaya maninigurado akong isang magaling na lalaki ang makakatagpo ng aking unica hija.”

Napalunok siya sa sinabi nito. “Puwede po ba ako, Tito?” tanong niya sa likod nito. Nakangiti siya at may tonong nagbibiro pero waring sineryoso siya ng don dahil humarap ito at lumapit sa kinauupuan niya.

“Aba, ’wag kang magbiro ng ganyan at baka

sa simbahan kita yayain bukas,” nasabi nito nang makabawi.

“Paano kung seryoso po ako?” Nilubos na niya ang pagpaparamdam.

“Pag-usapan natin ito dalawang taon mula ngayon; bata pa ang anak ko,” napapangiting pagwawakas ng matanda.

Guwapo ang bisita ng kanyang ama kanina. “Sino kaya iyon?” bulong ni Nica sa sarili. Sayang at hindi ito ipinakilala ng ama sa kanya. Tinisod-tisod niya ang maliit na batong nadaanan sa kanilang garahe. Noon siya tinawag ng kanyang mama.

“Nica, dumaan ka na naman siguro sa opisina ng papa mo kaya atrasado ka ng uwi,” hula nito. Tumango lang siya sa ina. “Ikaw talagang bata ka,” nasabi na lang nito. Hindi niya alam kung bakit hindi na ito nasanay sa kanya samantalang lagi niyang ginagawa iyon.

“Hala, sige, magbihis ka na at mayamaya lang ay maghahapunan na tayo.”

Habang lumalakad ang panahon ay lalong gumaganda si Monica. Hindi pa rin mabilang sa

kamay ang kanyang mga manliligaw at tuwing may sagala sa kanila ay siya pa rin ang naiimbitahang maging Reyna Elena. Galak na galak naman ang kanyang mama na isang frustrated beauty queen dahil siya ang nagtutuloy ng mga pangarap nito.

Hindi mapalagay si Jude dahil nakipagkasundo siya sa ama ng dalaga na hindi magpapakilala sa anak nito hanggang hindi ito nakakapag-debut.

“Nat, I don’t think it’s fair. Ang mga manliligaw ng anak mo ay malayang nakakadalaw sa inyong bahay, samantalang ako ay hindi makapagpakita kahit mula sa malayo,” minsan ay naihimutok niya sa ama ng dalaga.

‘Nat’ ang nais ng don na itawag niya rito dahil kung kaalaman sa pagpapatakbo ng negosyo ang pag-uusapan ay mas lamang daw siya.

“Hindi mo kailangang magmadali, sa iyo ko siya ipakakasal,” kumpiyansang tugon nito.

“Alam na ba niya?” paniniguro ng binata.

Umiling ang don. “Magrerebelde lang si Monica kung sasabihin ko. Sa gabi ng kanyang debut ko iaanunsyo ang tungkol sa kasunduan.”

“At sa araw na iyon ay hindi rin ako puwedeng

magpakita, tama ba?” naasar na pag-uulit niya sa napag-usapan nila.

“Iyon ang huling araw ng pagiging malaya niya,” katuwiran ng matanda.

Napabuntong-hininga ang binata.

“Kahit kinabukasan, maaari na kayong magpakasal,” eksaheradong patuloy ng don. “Puwede siyang mag-aral kahit na kasal na kayo.”

“At kung hindi siya pumayag na makasal sa akin?”

“Nasa iyo na iyon. Kung hindi mo siya makumbinsi, siguro ay hindi ikaw ang nababagay sa aking anak dahil paglalaruan ka lang niya sa kanyang mga palad.”

“Sige, Nat, hihintayin ko na lang ang araw na iyon,” sabi niya. Tinapik nito ang kanyang balikat gaya nang una niyang makita si Monica. At parang nagkakaintindihan na mahina silang nagtawanan.

Si Monica na siguro ang pinakamaganda at pinakamasayang debutante. Iyon ang pakiramdam ng dalaga hanggang sa umakyat ang kanyang sitenta años na ama sa stage para magsalita. May edad na ito nang mag-asawa at dalawampung taon ang tanda

nito sa kanyang mama.

“Mga kaibigan, bago po matapos ang kasiyahan ay gusto kong pasalamatang ang lahat ng nakasama sa ikalabing-walong kaarawan ng aking bunso. Sa loob ng labing-walong taon ay pinasaya kami ng maganda, matalino at matigas ang ulong si Monica,” biro nito na ikinatawa ng lahat ng nasa pagtitipon, maging si Monica. Paano ay talagang matigas ang kanyang ulo.

“Ngayon ay ganap na siyang dalaga at nais kong samantalain ang pagkakataon para ipaalam sa lahat ang engagement ng aking si Monica sa isang binatang nagngangalang Jude Lorenzo.”

Tumigil ang pag-inog ng kanyang mundo sa sinabi ng ama. *Sino si Jude Lorenzo? At kailan pa ako pumayag na magpakasal sa kanya?*

“Ngayon ay pinakakawalan ko na siya sa aking mga kamay, ang kanyang mapapangasawa na ang bahalang sumuheto sa kanya.”

Nagtawanan ang mga bisita sa sinabi nito samantalang parang hihimatayin si Monica sa sama ng loob. Nabitawan niya ang kopitang iniinuman at gulat na napalingon sa kanya ang mga tao. Galit na pinahid niya ang luha sa kanyang mga mata. Sigurado siyang kumalat na ang mascara at eyeliner

Estranged Fiancée - Alexis Navarro

niya. Patakbong tinungo niya ang loob ng bahay habang tigagal ang lahat ng nakahabol ng tingin sa kanya. Kahit kailan ay hindi niya mapapatawad ang kanyang ama sa ginawa nito.

2

Hindi mapigilan ni Nica ang pagtulo ng kanyang luha. Pakiramdam ng dalaga ay isa siyang kuting na ipinamigay ng kanyang amo. Kahit naman may katigasan ang ulo niya ay naging mabuting anak siya sa mga magulang. Hindi makatarungan ang ginawa ng kanyang ama. Kapag nagpumilit ito ay mapipilitan siyang magtungo sa Amerika nang walang paalam.

“Natalio, hindi ko nagustuhan ang narinig ko kanina,” kompronta ni Doña Matilda sa asawa nang matapos mag-uwian ang mga bisita.

“Nakita mo ang ginawa ng anak mo? Kailangan niya ang isang lalaki na magpapasunod sa kanya at hindi siya ang susundin.”

“Pero hindi ’yan matibay na dahilan para ipagkasundo mo siya. My goodness, Nat, it’s the twenty-first century! Sinong luko-luko ang pumapayag pa sa arranged marriages?”

“Matinong lalaki si Jude, galing sa napakayamang angkan, matalino, guwapo at responsible, ano pa ba ang hahanapin ng anak mo sa kanya?” kunot-noong tugon ng don.

“Wag mong gawing miserable ang buhay ng anak mo. Maaaring nasa lalaking iyon na ang lahat ng katangian pero hindi matuturuan ang puso.” Tinalikuran na nito ang asawa.

Madaling-araw na nang matapos ang kasiyahan kaya tinanghali ng gising si Monica. Nabungaran niya ang ina sa sala.

“Sana ay maintindihan mo ang iyong ama, gusto lang niya ang magandang buhay para sa iyo. Malaki rin ang pitong taon na tanda sa 'yo ng Kuya Michael mo kaya bago ka pa naipanganak ay naipangalan na ng inyong Lolo Nacario ang lahat ng ari-arian sa iyong kapatid. Akala namin noon hindi na siya masusundan pa. Iyon ang dahilan kaya iniisip ng iyong ama na ipakasal ka kay—”

Humiwalay siya sa pagkakayakap nito at inayos ang pagkakaupo sa sofa upang makita ang mukha ng ina.

“Hindi iyon ang makapagpapaligaya sa akin, Mama. Sa simula pa lang ay hindi na ako umasa sa karangyaang nasa paligid ko. Tanggap ko na para kay Kuya Michael lahat ito, pero nakarinig ba kayo sa akin ng kahit na konting reklamo?” madiing

pangangatuwiran niya.

“Naiintindihan ko, Anak, pero iyon ang pasya ng iyong ama, wala tayong magagawa.”

Napatingin siya sa ina. “Siguro kayo, Mama, walang magagawa pero hindi ko sisirain ang buhay ko at ang mga pangarap ko para mapagbigyan lang ang kahilingan ni Papa. Hindi sa ganitong paraan.”

Napapaiyak na tinungo niyang muli ang kanyang silid. Her mom was always like that, mangangatuwiran ito sa kanyang ama pero sa bandang huli ay tatanggapin din nito ang gusto ng asawa kahit labag sa loob nito. Mabuti pa ay ayusin na niya ang mga papeles na kakailanganin para sa kanyang pag-alis.

Napapailing na sinundan na lang ng tingin ni Doña Matilda ang anak. Lagi nitong nakakabangga ang ama. At ang kanyang asawa, kilala na ang kanilang anak pero tila sadyang gumagawa pa rin ng mga bagay na alam nitong pagtatalunan nito at ng kanyang dalaga. Ito na yata ang pinakaseryosong nangyari sa mag-ama.

“Sa tingin ko ay hindi pa ngayon ang oras para magkakakilala kayo ni Monica, Jude,” nasabi ng don

sa binatang napipisil para sa bunsong anak. “Hindi pa kami nagkakausap nang maayos mula noong kaarawan niya pero lubos ang pagtutol niya sa ating kasunduan.”

“Sinabi ko sa iyo noon pa, Nat, na sa pag-uugali ni Monica ay paiiralin niya ang pagrerebelde. I can’t blame her. Kahit sinong nasa edad niya ay mabibigla sa anunsyo mo.”

“Kilala ko siya, lilipas din ang galit noon,” sagot ng don.

“Hindi ko na nagugustuhan ang mga nangyayari. I agreed to your conditions out of respect, dahil ikaw ang kanyang ama. Pero kung ako ang nasunod, I could have courted her and got a fair chance of competing with the others. Gusto kitang sisihin,” walang pangingiming saad ng binata.

“Ako ang bahalang kumumbinsi sa aking anak, Jude. Palipasin muna natin ang kanyang sumpong,” assurance ng matanda.

“Bahala ka, Nat, pero kapag pumalpak uli ang plano mo, ako na ang kikilos at ipangako mong hindi ka makikialam.”

“Ipinangako ko.”

“Kailan mo ba maiintindihan na ito ang makabubuti sa iyo?” galit na tanong ni Don Natalio. Maaga itong umuwi para kausapin si Monica pero nauwi sa mainitang pagtatalo ang lahat.

“Alin, Dad? Ang magpakasal sa lalaking ni hindi ko pa nakikita at umasa sa kanya habang-buhay para suportahan ako? Kailan pa naging mabuti iyon para sa akin?” sagot niya.

“Monica, ’wag mong ubusin ang pasensya ko,” banta nito.

“Hindi ako magpapakasal sa lalaking iyon at iyan na ang huli kong salita. Puwede n’yo akong itapon sa labas ng bahay na ito, pero hindi ako magpapakasal sa kanya,” ulit niya. Iniangat nito ang kamay. “Sige, Papa, pagbuhatan mo ako ng kamay hanggang sa gusto mo pero hindi mo mababago ang isip ko.” Itinaas pa niya ng bahagya ang mukha. Galit na iniwan siya nito at ibinagsak ang pinto sa kanyang kuwarto.

Konting tiis na lang, aniya sa sarili pagkalabas ng ama. Ayos na ang lahat niyang papeles, araw na lang ang binibilang niya para makaalis. Ubos na ang laman ng ATM cards niya; lahat ng pera ay

ini-withdraw na niya bago pa maisipan ng ama na putulin ang kanyang accounts at mawalan siya ng pag-asang makaalis.

“Hindi ko mapasunod ang sarili kong anak,” amin ni Don Natalio kay Jude ilang araw matapos ang pagtatalo nila ng dalaga. “Matigas si Monica.”

“Leave it to me,” kalamanteng sabi ni Jude. Tumango lamang ang nakakatandang lalaki. Noon tumunog ang telepono. Lumuluha si Doña Matilda sa kabilang linya. Nawawala raw si Monica at nag-iwan ng sulat na huwag na itong hanapin pa dahil malayo na ito sa mga oras na iyon. Napasuntok sa ibabaw ng mesa ang matandang don; pulang-pula ang mukha nito.

Walang pagbabago sa ekspresyon ni Jude. Sumandal lamang ito sa kinauupuan at pinadaan ang mga daliri sa buhok.

“Does she honestly think na makakatakas siya sa akin?” nangingiting sabi niya, tila sa sarili. Tumayo na siya para magpaalam. “Huwag kang mag-alala, Nat, ako na ang bahala sa dalaga mo.”

“Samahan mo muna akong uminom,” anang don. Tinungo nito ang alak sa gilid at nagsalin sa

dalawang baso.

Ang sabi ni Matilda, walang nakapansin na hinakot ni Monica ang mga gamit nito. Malamang ay madaling araw pa umalis ang dalaga. May paraan pa. Kapag naubusan ito ng pera ay siguradong babalik ito. Inalarma niya sa intercom ang sekretarya. “Ipaclose mo ang lahat ng bank accounts ni Monica,” utos niya.

Iniabot ng don ang isang baso kay Jude at mabilis na nilagok ang laman sa hawak nito. Sumungaw ang ulo ng sekretarya sa pinto.

“Sir, sabi ng bank officers, closed na iyong Monica Ignacio account two weeks ago pa,” sabi nito.

Napailing si Natalio. Malaki-laki rin ang laman ng tatlong accounts ng dalaga sa iba’t ibang bangko.

Nagulat ito nang biglang tumawa si Jude.

“Nautakan ka ng anak mo, Nat,” amused na sabi nito.

Napangiti na rin siya. “She’s very smart indeed.” He felt proud of her. “I should have expected it of her. Alam mo bang sinabi niya sa akin nang harapan na isa akong diktador? Siya lang ang may lakas ng loob na kalabanin ang kagustuhan ko sa pamamahay namin.”

“You sound pleased,” anang binata na ipinatong na ang basong walang laman sa kaharap na tray.

“I am, pero hindi ko rin maiwasang mag-alala para sa kanya. Baka isang araw ay mapahamak siya.”

“Bago iyon mangyari ay alam ko na nasaan ang hellion mo at kung paano siya iingatan,” pangako niya para kalamayin ang kalooban ng don.

“I wish you luck, Jude. I hope you won’t find her too hot to handle.” Napabuntong-hininga ito at muling nagsalin ng alak.

“Ang tamang sabihin mo yata sa akin ay ‘congrats’. Dahil paiibigin ko ang anak mo.” Inihatid siya ng halakhak ng matanda. Pinuntahan niya ang kotse sa parking lot.

First time niyang nakita ang dalaga ay ipinangako kaagad niya sa sarili na paiibigin niya ito. Ito lang ang babaeng humawak ng kanyang interes. Marami na rin siyang nakarelasyon, pero si Monica lang ang tanging nakapagpakaba sa kanya. Interesado lang siya sa ibang babae kapag kasama na niya sa kama.

Ilang buwan din ang lumipas bago sinulatan ni Monica ang mga magulang. Ang ipinagtataka niya ay alam na ng mga ito kung nasaan siya. Galit ang kanyang ama pero wala itong nabanggit na kahit

ano tungkol kay Jude Lorenzo. Napanatag na rin sa wakas ang kanyang kalooban.

“Hindi mo ba susundan ang anak ko sa Amerika? Tatal naman ay naroon talaga ang malaking bahagi ng iyong business?” nakangiting tanong ni Don Natalio.

“Nag-aaral pa si Nica, hayaan na muna natin siya. Kapag nakatapos siya, saka ako kikilos,” kalmadong tugon ni Jude.

“Bahala ka, ’wag mo akong sisihin kapag nalaman mong may iba na namang plano ang anak kong iyon,” anang matanda.

“I’ll take care of it.”

“Hay naku, Hijo, bilib ako sa kumpiyansa mo,” nailing na palatak ng don.

“Nica, bakit mo naman ini-snob ang kaguwapuhan ni William? Big time na businessman iyon sa New York. Kapag kayo ang nakatuluyan, magbubuhay-reyna ka for the rest of your life,” litanya ni Lulu. Nasa library sila ng kaibigan nang biglang lumapit sa kanila si William Matthews. Si Lulu ang nakipag-usap dito kahit na halatang siya talaga ang pakay ng lalaki.

“Type mo? Kung type mo, sige, magpa-charming ka na,” biro niya.

“Nakita mo ba kung paano dinedma ang beauty ko at pirling sa iyo nakatingin?” Nakataas ng kilay nito. Binitiwang niya ang hawak na ballpen at hinarap ito.

“Sorry na lang siya kasi Pilipino pa rin ang tipo ko,” aniya.

“Haven’t you heard? ‘While waiting for the right guy, have fun with the wrong ones,’” nakangiting sabi nito.

“Hay naku, Lulu, magtigil ka. Tama na ang isang katulad mo sa apartment natin.”

“Oo nga, ano? Anyway, di ba sabi mo, Pinoy ang type mo?” Pinagtaasan niya ito ng kilay. “Balita ko, darating daw dito ’yung hunk na na-meet ko sa Pilipinas. D’un siya mag-i-stay sa hotel mo,” kinikilig na sabi nito.

May part-time job siya sa isang hotel bilang front desk receptionist.

“Ano ngayon?” nakakunot-noong tanong niya.

“I-tip mo sa akin, ha?”

“Puwede ba, Lulu, tigilan mo na ang pagiging loka-loka mo at pati ako ay mapahamak sa 'yo.” Itinuloy na lang niya ang pagbabasa.

“Alam mo, Nica, hindi malayong maging old maid ka sa ginagawa mo.” Nagulat siya nang muli itong magsalita.

“Oo na, matigil ka lang,” natatawang sagot niya.

“Sige ka, kapag nangyari 'yon, sigurado ako na kokontakin ng daddy mo ang DOM na ipinagkasundo niya sa iyo dati,” nakalabing sabi nito.

Ito lang ang pinagsabihan niya ng sikretong iyon. Bigla siyang natilihan. Paano nga kung pagbalik niya sa Pilipinas ay tuloy pa rin ang kasunduan ng Jude Lorenzo na iyon at ng kanyang ama? Kung may boyfriend na siya o balak pakasalan ay malabong isipin ng ama na kaya pa nitong pagbaguhin ang isip niya.

“O, eh, di natigilan ka? Ibig sabihin pumapayag ka nang puntahan kita sa hotel para ipakilala iyong charmer na sinasabi ko?” pangungumbinsi nito.

“Wala ba siyang pangalan? Marunong naman akong bumasa, hindi mo na kailangang pumunta. Mamaya isipin pa ng management iba ang inaasikaso ko sa oras ng trabaho,” pang-aasar niya.

Estranged Fiancée - Alexis Navarro

Pinaikot lang nito ang mga mata at nagsimula na ring mag-aral.

3

Nanlaki ang mga mata ni Monica nang mabungaran si Lulu sa reception desk pagdating niya roon. May kausap ito sa telepono. At higit sa lahat, pareho sila ng uniporme. Empleyado na rin ba ito ng hotel?

“Monica!” malanding sabi nito nang makita siya. Ibinaba nito ang hawak na telepono.

Nagmistula siyang estatwa sa kinatatayuan.

“What are you doing here?” aniya nang mabawi ang kanyang tinig. Isang linggo siyang hindi kinulit ni Lulu tungkol sa lalaking gusto nitong ipakilala sa kanya pero hindi niya inaasahan ang ganito.

Ngiting-ngiti ang dalaga.

“Why, I work here part-time, no thanks to you,” she said, pouting her red lips. “You are a very bad girl, Nica. Hindi mo sinabi sa akin na nangangailangan pala kayo ng reliever. Buti na lang may initiative ako.” Inirapan siya ng babae.

Umikot si Nica at naupo sa tabi nito. Binuhay niya ang computer sa kanyang harapan.

Kunsabagay, ang trabaho sa Room Reservations

Section ay napakasimple. Kailangan lang maging magalang at maingat sa pag-aabot ng susi. At maganda ang mukha—requirement talaga iyon. Pasadong-pasado si Lulu.

“If I know, may hina-hunting ka na namang lalaki kaya ka naririto,” bubulong-bulong na saad niya habang ikinakabit ang nameplate.

“What did you say?” slang na tanong nito, parang pinagtatawanan siya. Nag-ring uli ang phone at sinagot iyon ng dalaga.

Nahulog ang kanyang ballpen at yumuko si Nica para pulutin iyon sa sahig. Eksaktong pag-angat ng ulo niya ay nagulat siya sa isang matangkad na lalaki sa kanyang harapan. Guwapo ito, lean and muscular, at mukhang Asian.

“May I help you, Sir?” nakangiting tanong niya. Tumayo siya dahil napakatangkad nito. Hindi ito kumibo.

Weird, why does he seem so familiar? Parang nasilaw siya nang gumanti ito ng ngiti, showing a perfect set of teeth against his tan. She stood there mesmerized.

“You’re a Filipina, right?” nakangiting tanong nito.

“Y-yes, Sir,” naguguluhang tango niya. Naramdaman niyang lumapit si Lulu pero nanatili itong walang imik sa likuran niya.

“How nice. I need a suite, please,” nakangiting sabi nito.

“If you would just sign here, Sir,” aniya. Wala pang sampung segundo pagkaabot niya ng susi ay nakalayo na ito sa kanyang harapan.

Nagulat siya nang banggain ni Lulu ang kaliwa niyang balikat. Napalingon siya sa kaibigan.

“So you finally met the ‘hunk’,” panunukso nito.

“Siya ba iyong sinasabi mo?”

“Duda ka?”

“Bakit hindi ka niya kilala?”

“Paano ako makikilala n’un, eh, sa iyo lang nakatingin. Guwapo, ’no? Eh, di bilib ka na sa taste ko?” Tiningnan nito nang masama ang reservations form. “Sabi sa akin sa orientation, i-encode ko raw directly ang names ng guests. Astig ka, ha? O masyado kang natulala kay Mr. Charmer? Pagkapirma, binigay mo na iyong susi. Sana pinaghintay mo para mas nagtagal pa siya rito.”

Napailing siya. “Ikaw kaya ang iniisip ko. Malay ko ba kung tinuruan ka nila. Pero kung marunong ka na, ako na ang mag-e-encode nito. Hinagip niya ang papel na pinirmahan ng bisita.

Jude Lorenzo. Nanlaki ang mga mata niya sa nabasang pangalan. Sigurado siyang nagpakilala ang lalaki kanina. *Hindi niya narinig?* Napapikit siya, lumilipad pa rin yata ang isip niya. *Siya ba ang lalaking ipinagkasundo sa akin ni Papa?*

Ipinilig niya ang ulo matapos i-close ang transaction window. *’Wag ka ngang ilusyunada, Monica,* sita niya sa sarili. Maraming magkapangalan sa mundo, napakalaki ng posibilidad na hindi ito ang lalaking iyon.

“Hindi ka na kumibo diyan,” untag ng kaibigan. Inilapit pa nito ang swivel chair sa puwesto niya. “Sa wakas naging interesado ka rin sa isang guy, akala ko talaga ay bato ang puso mo. May napansin din ako.” Pilya ang pagkakangiti nito.

“Ano naman iyon?” nakakunot-noong tanong niya.

“That you look good together, hindi ako nagkamali. He may be a keeper, pero chickboy ’yun. Kaya mag-iingat ka sa kanya.”

Tinitigan lamang niya ito. Tatagal kaya siyang kasama si Lulu? Itinuon niya ang atensyon sa harap ng monitor.

Kunsabagay, halata sa porma ng lalaki na maraming babae ang humahabol dito. Pero paano kung siya talaga ang Jude Lorenzo na ipinagkasundo sa kanya noon? *Bakit ka interesado? ganti ng isip niya. Dapat ba akong magsisisi na hindi ako naging masunuring anak?*

“Hi, Ladies, may I join you?” nakangiting tanong sa kanila ng lalaki.

Napatingin nang makahulugan kay Monica si Lulu bago nito sinagot si Jude Lorenzo. *Bakit ba napapayag ako ni Lulu na sumama sa bar na 'to?*

“What brought you here, Mr. Lorenzo?” tanong ng kaibigan sa binata na sa kanya nakatingin. Sigurado si Monica na namumutla siya.

“I used to hang-out here when I was a student,” sagot nito.

Malamang graduate din siya ng Harvard...

“Figures,” sagot ni Lulu, almost flirting with the man. Nakangiting siniko si Monica ng kaibigan kaya

nagtatakang napatingin siya rito.

“Pardon me, but I don’t believe we’ve been formally introduced,” diin ng binata.

“But we have,” eksaheradong palatak ni Lulu. “Back home, sa isang social gathering, if you don’t remember.”

Kumunot lamang ang noo ng binata, tila inilalagay sa lugar ang mukha ni Lulu. Hindi na ito pinahirapan pa ng dalaga. “Lulu Legaspi.” Iniabot nito ang kamay sa lalaki.

“Yeah, I remember now. Legaspis of Quezon, right? You seem... different.” Sa halip na mainsulto ay parang gustong pumalampak ni Lulu na nakilala ito ng lalaki.

“And this is my friend...” excited na baling nito, expecting her to speak. Jude regarded her intently as well.

“Monica... Monica Ignacio.” Gusto niyang saktan si Lulu. Nag-iba ang ekspresyon ng binata at inakala niyang dahil iyon sa nakalimutan niyang makipagkamay. Kaagad niyang inilahad ang palad.

Inabot nito ang kamay niya pero tila maanghang ang tono nito sa kanyang pandinig. “You wouldn’t

happen to be the prodigal daughter of Don Natalio?”

Lumipad ang tingin niya sa mga mata nito kasabay ng pagkawala ng lakas sa kamay na hawak ng binata. Nanlaki ang kanyang mga mata nang higpitan nito ang pagpisil doon.

“It’s nice to have finally met my... estranged ex fiancée,” sarkastikong sabi nito.

Lalo siyang namutla. Napatingin si Lulu sa lalaki. Inilihim niya rito ang pangalan ng ipinagkasundo sa kanya. Pero mas naging interesado ito sa sinasabi ni Jude.

“I’ve always wondered kung ano ang hitsura mo. At least ngayon alam ko na,” dagdag pa nito.

“Sandali,” putol ni Lulu na halatang naguguluhan sa pinag-uusapan nila ng lalaki. “You mean to say, engaged na kayo?” tanong nito.

“We used to be, hindi na ngayon.” Binitawan ni Jude ang kamay niya. Wala sa loob nailagay niya iyon sa dibdib. Parang sasabog ang puso niya. Nanguusig ang mga mata ng binata sa kanya at hindi siya makahagilap ng sasabihin.

“Ibig mong sabihin, matagal na kayong magkakilala? At hindi mo man lang sinasabi sa akin?”

Halos pamaywangan siya ni Lulu.

“Hindi... ngayon lang kami nagkita,” aniya sa kaibigan. She wished that she would wake up from this nightmare!

“Ngayon lang kayo nagkita pero engaged na kayo? Ipaliwanag mo nga sa akin, naguguluhan ako,” demand nito.

“Mamaya na lang sa bahay,” malagihay na sabi niya.

Naagaw ng isang babaeng lumapit ang atensyon nilang lahat. Kung Filipina rin ito ay hindi nila tiyak batay sa kulay ng balat at buhok nito.

“Jude, oh, my... it’s really you!” Hinalikan nito sa labi si Jude, walang pakialam na naroon sila. “Let’s go, the guys are there,” aya nito sa binata.

“Excuse us,” pormal na sabi ni Jude bago niyapos ang baywang ng babaeng kanina lang ay kahalikan nito.

“Umuwi na tayo, Lulu,” pakiusap niya sa kaibigan.

“Okay.”

She was unaware of the eyes that followed her, especially that of Jude na matiim na nakatingin sa

kanya. Ikinubli ng binata ang isang makahulugang ngiti.

“Arranged marriage? Uso pa ba iyon? At si Jude Lorenzo—ang tipong iyon magpapadikta sa kahit na sino? Pigs will fly first. Baka naman kilala ka na niya bago pa kayo ipagkasundo,” sunud-sunod na banat ni Lulu bago nahiga sa kanyang kama. Makikitulog na naman ito.

“I could swear na dito kami unang nagkita... Pero now that I think of it, para talagang nagkita na kami before,” wala sa loob na nasabi niya.

“Yeah, you seem to recognize each other doon sa hotel, alam mo ba? Parang... ’wag kang mag-react, ha... tingin ko kasi sa kanya noon he was looking at someone he loves that he hasn’t seen for a long time habang nakatitig sa iyo.” Nakatingin ito sa kisame.

“You and your imagination,” napailing na bale-wala niya.

“Totoo!” giit nito. “Ano ngayon ang plano mo?”

“Plano?” Napakunot ang noo niya. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

Bumiling ito paharap sa kanya. “Don’t lie to me,

Nica, alam kong attracted ka sa kanya. Sa apat na taon nating paggiging magkaibigan, siya pa lang ang lalaking nakaangkin sa paghanga mo.”

“Hindi ko alam. Tinanggihan ko na siya noon, ano pa ang puwede kong gawin ngayon?” nakangiwing pag-amin niya.

Ngumiti lamang si Lulu. “Palagay ko sinundan ka talaga niya rito. Pasiklaban mo para magmakaawa at lumuhod sa ’yo para sa iyong pag-ibig.” Napatawa siya sa pagka-makata nito.

“Alam mo, ikaw, dapat creative writing ang kinuha mong course.” Nahiga na siya sa tabi nito, naghanda na sa pagtulog.

“At, ikaw, kulang ka sa imagination. Tingnan mo bukas, magkikita uli kayo. Feeling ko he’s tailing you, eh.”

Nagsaklob na lamang siya ng kumot at pinilit lunurin ang mga pangungusap nito.